

Affordable Housing Program

Ang Mission Australia Housing ay nagmamay-ari at/o namamahala ng ilang ari-arian sa NSW sa ilalim ng aming Affordable Housing Program. Ang fact sheet na ito ay nagbibigay ng impormasyon sa aplikante ng pangungupahan sa programang ito kasama ang pamantayan ng kwalipikasyon at pagtatakda ng presyo ng upa.



Ano ang Affordable Housing?

Ang Affordable Housing ay pabahay na maaaring magamit ng mga indibidwal, mga mag-asawa o mga pamilya na mayroong mababa o katamtamang kita. Ang upa at nakatakda sa pinababang presyo kumpara sa regular na presyo sa merkado upang masigurado na ang mga tao ay kayang mamuhay sa mga lugar kung saan gusto nilang manirahan at magtrabaho.

Ako ba ay kwalipikado sa Affordable Housing?

Ang Mission Australia Housing ay sumusunod sa pamantayan ng NSW Affordable Housing Guidelines para sa kwalipikasyon sa programang pabahay na ito at kasama sa pamantayan ang:

Pamantayan ng pinakamataas na kita:

- tignan ang pahina 2

Pamantayan na pangkalahatan:

Ang mga aplikante ng Affordable Housing ay dapat:

- maging citizen or mayroong permanent residency sa Australia
- maging residente ng New South Wales (NSW)
- magbigay ng patunay ng pagkakakilanlan
- kayanin na masustina ang pangungupahan, mayroon man o walang suporta
- kung naaangkop, bayaran ang lahat ng utang sa Housing NSW o sa nagbibigay ng pabahay sa komunidad
- karaniwan, maging 18 taong gulang o mas matanda

Ano ang upa na dapat kong bayaran?

Ang presyo ng upa sa Affordable Housing ay nakatakda sa 75% ng presyo sa merkado ng upa ng ari-arian at hindi dapat lalagpas sa 30% ng kabuuang kita ng sambahayan.

Ang upa sa merkado ay tinutukoy at sinusuri kada taon sa pamamagitan ng independienteng pagsusuri ng upa at gamit ang Rent and Sales Report na inilalabas ng State Government. Ang mga nangungupahan na nasa sobrang baba hanggang sa mababang kita ay maaaring maging kwalipikado sa karagdagang rebate at pagbabayaran ng 25-30% ng kabuuang kita ng sambahayan.

Gaano ako katagal maaaring manirahan?

Ang pabahay sa ilalim ng programang ito ay binibigay sa pangmatagalang termino, basta ang nangungupahan ay patutuloy na matutugunan ang mga pamantayan ng kwalipikasyon.

Paano ako magaaplay?

Kung maging bakante ang ari-arian, kami ay karaniwang nagpapahayag sa lokal na dyaryo at sa mga website ng paupahan gaya ng www.domain.com.au

Kung ikaw ay interisado na mag-aplay para sa abot-kayang pabahay na ari-arian kailangan mong kumpletuhin ang Mission Australia Housing Application form at ibalik ito sa iyong lokal na opisina ng Mission Australia Housing kasama ang mga ebidensya na hinihiling sa iyong application form. Ang mga application form ay makukuha sa aming website na www.missionaustralia.com.au o sa inyong lokal na opisina ng pabahay.

Kita

Ang kwalipikasyon sa hangganan ng pinakamataas na kita na kasama sa patnubay na ito ay galing sa naaangkop na panggitnang kita na nakuha sa kabuuan ng Sydney at NSW.

Ang kwalipikasyon sa hangganan ng kita ay nagbabago depende sa laki ng sambahayan, kung saan ang pinakamataas na hangganan ay tumataas sa bawat karagdagang tao sa sambahayan

Taunang pangkalahatang kita ng Sambahayan

	Miyembro ng Sambahayan	Sobrang baba	Mababa	Katamtaman
Sydney	Isang adult	\$24,000	\$38,400	\$57,500
	Bawat karagdagang adult (18 taong gulang o pataas)	Magdagdag ng \$12,000 sa hangganan ng kita	Magdagdag ng \$19,200 sa hangganan ng kita	Magdagdag ng \$28,800 sa hangganan ng kita
	Bawat karagdagang bata (mas bata sa 18 taong gulang)	Magdagdag ng \$7,200	Magdagdag ng \$11,500	Magdagdag ng \$17,300
NSW – regional	Isang adult	\$21,100	\$33,800	\$50,700
	Bawat karagdagang adult (18 taong gulang o pataas)	Magdagdag ng \$10,600 sa hangganan ng kita	Magdagdag ng \$16,900 sa hangganan ng kita	Magdagdag ng \$25,400 sa hangganan ng kita
	Bawat karagdagang bata (mas bata sa 18 taong gulang)	Magdagdag ng \$6,300	Magdagdag ng \$10,100	Magdagdag ng \$15,200

Dagdag dito

Ang Mission Australia Housing ay may karagdagang pamantayan na kasama ang:

- karaniwan, hindi bababa sa isang miyembro ng sambahayan ay may regular na trabaho
- ang mga aplikante ay dapat may kakayahang magpakita ng koneksyon sa lugar ng ari-arian na kanilang inaaplayan
- ang mga aplikante ay dapat walang pagmamay-aring anumang ari-arian

Patuloy na kwalipikasyon

Ang mga nangungupahan sa programang pabahay na ito ay magkakaroon ng taunang pagsusuri ng kita upang malaman ang patuloy na kwalipikasyon. Ibig sabihin rin nito na ang presyo ng upa na iyong binabayaran ay susuriin sa oras na ito at binabago upang masigurado ang patuloy na pagiging abot-kaya.

Ang mga kasalukuyang nangungupahan ay may kakayahang kumita ng 25% lagpas sa kanilang pinakamataas na hangganan ng kita at maaari pa ring maging kwalipikado sa programang pabahay na ito.

Note: Ang Mission Australia Housing ay nangangasiwa rin ng abot-kayang programang pabahay sa ilalim ng National Rental Affordability Scheme (NRAS). Ang programang NRAS ay may ibang pamantayan ng kwalipikasyon at ang impormasyon sa programang ito ay makikita sa aming NRAS fact sheet.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Upang magkaroon ng karagdagang impormasyon tungkol sa Mission Australia Housing Program at anong ari-arian ang mayroon.

Makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina ng Mission Australia Housing sa 1800 269 672 o mag-email sa housingenquiries@missionaustralia.com.au